

## Mga kabataang Pinoy na imbentor, bumida sa 4th imake.wemake competition

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII

**I**sang hands-free computer interface na may medical scanner, computer-monitored na wastewater filtering and management system, at isang smart assistant para sa mga may kapansanan sa paningin.

Ito ang mga nanguna sa maraming imbasyong inilalok ng mga kabataang Pinoy sa idinaos na ika-apat na taunang kompetisyon ng imake.wemake: create. innovate. collaborate.

Ang kumpetisyon na inorganisa ng Department of Science and Technology – Science Education Institute (DOST-SEI) at suportado ng Gokongwei Brothers Foundation (GBF) ay hinusgahan ng isang lupong ng inapalan na binubuo ng pawang mga batang inhinyero mula sa nangungunang unibersidad sa bansa.

“This year’s entries highlight the brilliance and creativity of our young students,” ani DOST-SEI Director Josette T. Biyo. “It’s a feat made all the more impressive by the fact that they were able to create, innovate, and collaborate despite the pandemic.”

Ani naman ni GBF Executive Director Grace Colet, nakatutulong ang mga ganitong inisyatibo upang masiguro ang kalidad ng STEM professionals na makapag-aambag sa pag-unlad ng bansa sa hinaharap.

### Mga Nilalaman

Anim na bagong NICERs, inilunsad ng DOST.....p2

Diyalogo sa pagitan ng DOST VI at pharma industry tungo sa SETUP 4.0, kinakasa na .....p3

Portasol, nakikitang solusyon sa problema sa pagpapatuyo ng palay sa Ilocos Norte.....p4



**Mga wagi ng Youth Innovation Prize o YIP**  
Naiwi ng Cavite Science Integrated School, Ramon Teves Pastor Memorial – Dumaguete Science High School, at Science and Technology Education Center ang Youth Innovation Prizes na naturang patimpalak.

Ang hands-free computer interface na may kakayanang mag-monitor ng kalusugan ng gumagamit nito ang nagpanalo sa koponan ng Cavite Science Integrated School na binubuo nina Jimuel Clarence Z. Malimban, John Kenneth V. Sanchez, at Aira Gayle Pugeda.

Isang kakaibang wastewater management system naman ang pambato ng koponan ng Ramon Teves Pastor Memorial – Dumaguete Science High School na binubuo nina Ericka Elaine Diputado, Anjeli L. Mercedo, at Shauna E. Tifora

Ang lahod naman ng Science and Technology Education Center – Cebu Senior High School ay isang smart assistant na nakatutulong sa mga may kapansanan sa paningin na malaman kung nasa paligid nila at mabasa ang mga salita sa mga kalapit na karatula tulad ng mga billboard at street sign.

Gawa nina Johann Emir G. Margallo, Kate Ashley P. Liao, at Ron Marc L. Cañete,

hindi lang nito nalalaman kung anong mga bagay ang nasa paligid, kundi pati na rin ang distansya ng mga ito. Ang proyekto ay may pamagat na “Project BlindSpot: Arduino-Based Object Distance Measurement, Identification and Optical Character Recognition Using YOLO Algorithm.”

Bawat koponan ay nag-uwi ng P200,000 na premyo pati na isang tropeyo.

**Mga Young Scientist Awardee at Iskolar**  
Iginawad rin ng Imake.Wemake ang GBF Young Scientist Award kina Jimuel Clarence Z. Malimban at John Kenneth V. Sanchez, parehong mula sa Cavite Science Integrated School; at kay Anjeli L. Mercedo ng Ramon Teves Pastor Memorial – Dumaguete Science High School.

Ang naturang award ay iginagawad ng GBF sa mga finalist na nagpakita ng global competence sa pamamagitan ng kanilang imbensyon. Sila ay makatatanggap ng GBF STEM Scholarship for Excellence – isang conditional scholarship na may halagang P85,000 bawat academic year – na nakatutulong sa kanilang kumuha ng alinmang STEM course na kanilang gusto sa kahit anong kolehiyo o unibersidad sa bansa. (Impormasyon mula sa DOST-SEI)

# Anim na bagong NICERs, inilunsad ng DOST

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII

**A**nim na bagong Niche Centers in the Regions (NICER) for R&D ang inilunsad ng Department of Science and Technology (DOST) na may layong palakasin ang pag-unlad ng mga rehiyon sa bansa hanggang makaabot ang mga ito sa pandaigdigang pamantayan.

May tinatayang budget na P208,861,783.92, ang naturang mga center ay matatagpuan sa ilang mahuhusay na unibersidad sa bansa.

Sa virtual press conference na pinangunahan ng DOST-Office of the Undersecretary for Research and Development (OUSEC-RD) na may pamagat na "Regional Resiliency: Equipping Agriculture for the Future," inilunsad ang bagong mga NICER na pawang may kinalaman sa agriculture, aquatic, and natural resources o AANR.

Sinabi ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña na dapat pakinabangan ang mga yamang matatagpuan sa 17 rehiyon sa bansa – na makagawa ng trabaho at maging kabuhayan ng marami sa ating kababayan. Ngunit para tuloy-tuloy na mapakinabangan ang mga natural na yaman na ito, kailangan munang masiguro na mapangalagaan ang mga ito – na siyang mismong layunin ng NICER.

Through the NICER centers, our local products and commodities will be nurtured and developed, and in turn, boost the regional economy," dagdag niya.

Ani naman ni DOST Undersecretary for Regional Operations Sancho A. Maborang, isa lamang ang NICER sa maraming

inisyatibong inilunsad ng DOST, sa tulong ng regional offices nito, na ang hangad ay mapabilis ang pag-unlad ng mga rehiyon.

"Having an approved NICER is a prestige for institutions – an acknowledgement of the R&D strength, competence, and track record of the engaged institutions along the identified R&D."

Ang programa ng NICER ay nagpapalakas ng kapasidad ng higher education institutions o HEIs sa mga rehiyon sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga institutional grant upang mapaunlad ang kanilang science and technology infrastructure.

Ang unang tatlong NICER na inilunsad ay may kinalaman sa Crops R&D – ang Garlic and Other Agri-Food Condiments R&D Center, Queen Pineapple R&D Center, at ang Center for Cacao R&D.

Ang Garlic and Other Agri-Food Condiments R&D Center, na matatagpuan sa Mariano Marcos State University (MMSU) sa Ilocos, ay may layong magbigay ng S&T interventions upang mabuhay ang lumiliit na industriya ng bawang. Patuloy ang pag-aaral ng naturang center upang mapaunlad ang genetic resources at productivity ng bawang sa pamamagitan ng pagdeblop ng isang integrated crop management system – na siyang makatutulong upang mapaunlad ang pag-cure at pag-iimbak ng bawang sa Pilipinas.

Sa Camarines Norte State College (CNSC) naman matatagpuan ang Queen Pineapple R&D Center na siyang magsasagawa ng komprehensibong pananaliksik upang maisulong

ang productivity at marketability ng Queen Pineapple. Magdedeblop din ang Center ng software para sa pest detection, classification, and crop protection management systems.

Ang Center for Cacao R&D naman na matatagpuan sa University of Southern Mindanao (USM) ay tututok sa pagpapataas ng produksyon ng cacao sa pamamagitan ng pagpaparami at paggamit ng Quality Planting Materials o QPMs. Ang naturang proseso ay inaasahang magpapaunlad ng local cacao gene bank at post-harvesting processes upang makagawa ng mas magandang klase ng cacao beans na makatutulong na maragdagan ang kita ng magsasaka ng mula 30 hanggang 40 porsyento.

Ang NICER naman na may kinalaman sa paghahayupan ay ang Native Chicken R&D Center na matatagpuan sa Western Mindanao State University (WMSU). Layon naman nito na mapabilis ang produksyon ng mataas na kalidad ng lahi ng mga manok sa pamamagitan ng enhanced breeding, feeding, at production management strategy na angkop para sa mga native na manok.

Ang Bamboo R&D Center naman na matatagpuan sa Central Mindanao University (CMU) ay may layong makagawa ng intervention para sa quality standards and processing protocol ng gawang-lokal na kawayan. Layon din nitong ma-establish ang bamboo economic value chain at geodatabases ng bamboo resources at enterprise; makahanap ng iba pang gamit ng kawayan para

sa sustainable development, climate change resilience, at adaptation; at ma-evaluate ang paglaki at pag-survive ng ilang specie ng kawayan na nakatanim sa abalang mga lugar.

Ang pang-anim at huli ay ang NICER on Cave Ecosystems Research na matatagpuan sa University of the Philippines – Los Baños na maglulunsad na pananaliksik sa biodiversity ng terrestrial vertebrates at invertebrates tulad ng ibon, mamal, ampibyan, reptayl, at susong matatagpuan sa lupa na naninirahan sa ilang piling kweba at karst na lugar gamit ang ilang field technique upang makakuha ng baseline data na mahalaga para

sundan sa pahina 3

Department of Science and Technology  
Science for Change Program

NICER  
Niche Centers in the Regions (NICER) for R&D

**Regional Resiliency:  
Equipping Agriculture for the Future**

A Virtual Presser on New Niche Centers in the Regions for R&D (NICER) under the Agriculture, Aquatic and Natural Resources (AANR) Sector

Live stream via DOST-Science for Change Program  
Facebook page

**14 September 2021  
9:00 AM**

@dost.s4cp  
www.s4cp@dost.gov.ph



# Diyalogo sa pagitan ng DOST VI at pharma industry tungo sa SETUP 4.0, kinakasa na

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII

**S**a pagbabago ng panahon dulot ng teknolohiya, nag-level up din ang serbisyo ng Small Enterprise Technology Upgrading o SETUP bilang SETUP 4.0.

Ito ang pinakahuling pangyayari na ibinahagi ng Department of Science and Technology Regional Office VI (DOST VI) sa ginanap na diskusyon sa mga kumpanyang kabilang sa industriya ng Health and Wellness (H&W).

Ang SETUP ay ang flagship program ng DOST na tumutulong sa mga Small to Medium Enterprise (SME) na mapagbuti ang kanilang produkto sa pamamagitan ng mga tulong sa pamamagitan ng “capacity and technology upgrading.”

At sa paglevel-up ng global industrial revolution na tinawag na Industrial Revolution 4.0, naglevel-up din ang serbisyo ng nasabing programa sa pamamagitan ng SETUP 4.0. Ang pagtaas ng antas ng serbisyo, mabibigyan na ng pansin ng DOST ang industry-level assistance na kinabibilangan ng pagkakaroon ng Science and Technology roadmap para sa development ng mga industriya sa bansa.

Ang diskusyon sa paggawa ng industry roadmap para sa H&W sa rehiyon ay pinangunahan ng DOST VI.

Sa kasalukuyan, ang H&W ay binubuo ng apat na subsector na kinabibilangan ng pharmaceuticals (generic drug), herbal drugs, functional food, at food supplements and personal care products.

Upang masimulan ang paggawa ng roadmap ay nagkaroon ng focus group discussion (FGD) sa pangunguna ng DOST VI kabilang ang sa pharmaceuticals subsector.

Sa nasabing FGD, ibinahagi ng mga resource speaker ang kanilang karanasan at mga panukala hinggil sa subsector.


Ilan sa mga speaker ay kinabibilangan nina Vice President of EL Laboratories, Inc. Ms.

*Anim na...*

## Mula sa pahina 2

sa management ng cave biodiversity.

“Through the NICER R&D Centers, we hope to promote regional resiliency by providing small-scale farmers with S&T-based



@DOSTRegionVI

## DOST VI gathers generic drugs industry to set plan for a higher level technology assistance

Aside from providing firm-level assistance, the new program now ventured into industry-level assistance which include among the preparation of the S&T roadmaps. The Department of Science and Technology (DOST) Region VI is the one leading the healthcare and wellness (H&W) industry roadmap.

The H&W industry is composed of four subsectors namely, pharmaceuticals (generic drugs), herbal drugs, functional food, and food supplements and personal care products.



Speakers and participants during the online Focus Group Discussion (FGD) on Pharmaceuticals (Generic Drugs) Subsector

Maria Rosario B. Barangan, President of the Federation of Asian Pharmaceutical Associations  
Dr. Yolanda R. Robles, President and Chairman of the Board of Hygieian Institute for Education, Research and Training, Inc.  
Ms. Leonila M. Ocampo, Business Development Manager of Lloyd Laboratories, Inc.  
Mr. Sonny Bob Cardinal, at Vice President of Maridan Industries, Inc.,  
Mr. Jan Vincent N. Sollesta.

Ayon sa diskusyon, ibinahagi ng mga industry player ang kanilang opinyon sa

hinggil sa antas ng paggamit ng teknolohiya upang mapagbuti ang mga produkto at serbisyo. Isa sa isyu na lumabas sa diskusyon ay ang pagpapabuti ng pagproseso ng certificate of product registration.

Dagdag pa rito ay ang mga kaakibat na mga programa at serbisyo na maaaring isagawa upang mas mapagbuti ang antas ng produkto ng industriya sa pandaigdigang merkado. (Impormasyon mula sa DOST-VI)

aquaculture systems, livestock systems, crop production, and integrated farming systems,” sabi ni DOST Undersecretary for R&D Rowena Cristina L. Guevara.

“R&D enables us to support more farmers

and encourage young agripreneurs to take advantage of opportunities for innovation and contribute to the continued economic growth of the country.” (Impormasyon mula kay Gretchelle A. Araneta, DOST IX)

# Portasol, nakikitang solusyon sa problema sa pagpapatuyo ng palay sa Ilocos Norte

Jerossa Dizon, *DOST-STII*

**“We are solving the perennial problem of farmers using pavements and outer lanes of national highways as drying areas for their harvested crops,”** ito ang naging pahayag ni **DOST-PSTC Ilocos Norte Provincial Director Engr. Benjamin S. Mercado Jr.,** nang pangunahan niya ang pamamahagi ng **Portasol multi-purpose thermal drying trays sa probinsya.**

Umabot sa tatlumput anim na unit ang naipamigay sa mga bayan ng Pagudpud, Currimaog, Dingras, Burgos, at Batac kabilang na rin ang Pamahalaang Panlalawigan ng Ilocos Norte kung saan higit sa isang daang magsasaka at mangingisda ang nakinabang.

Noong nakaraang buwan ay nakatanggap din ang bayan ng Carasi ng apat (4) na unit bilang bahagi ng expanded implementation ng Community Empowerment through Science and Technology (CEST) program ng ahensya.

Kwento ni PD Mercado, marami sa mga magsasaka at mangingisda ang nahihirapan sa pagpapatuyo ng kanilang mga produkto,



at mas lumala pa ngayon dahil hindi nila kaya ang mga mamahaling drying facilities kung kaya't karamihan sa kanila ay napipilitang magpatuyo sa mga kalsada at semento na maliban sa ipinagbabawal ay nagresulta rin sa pagkalugi.

Kaya naman sa kabila ng suliraning kinakaharap ngayon ng bansa dahil sa COVID-19, patuloy pa ring naghahatid ng tulong at serbisyo ang DOST sa pamamagitan ng CEST program, na nagbibigay ng sinag ng pag-asa sa mga magsasaka at mangingisdang appektado ng pandemya.

Ang Portasol drying trays na may kapasidad na 12.5 kg o ¼ kaban bawat isa ay gawa sa aluminum, isang good heat conductor na siyang nagpapabilis sa pagpapatuyo ng palay ng tatlong beses kaysa sa pagbibilad sa semento.

Malaking ginhawa aniya ito para sa mga magsasaka dahil maaari itong ilatag kahit saang open field at nababawasan

din ang mga naaaksayang butil.

Kung maliit naman ang espasyo, ay pwede ring pagpatungin hanggang sampung layer ang mga tray at parehas pa din ang ibibigay na resulta nito sa pagtutuyo.

Maliban sa palay ay magagamit din ang Portasol sa pagpapatuyo ng ibang produkto gaya ng gulay, prutas, at isda. *(Impormasyon mula kay Kent J. Ramil, Project Assistant II, DOST PSTC-IN)*



**JASMIN JOYCE P. SEVILLA**

Editor-in-Chief

**ALLAN MAURO V. MARFAL**

Managing Editor

**JAMES B. INTIA**

Layout Artist/Photo Editing

**ROSEMARIE C. SEÑORA**

Proofreader

**FERDINAND M. CARTAS**

Circulation

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalaing ng Institusyong ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag-email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (632) 8837-2071 ext. 2148/Telefax: (632) 8837-2195.